Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

11 Oktubre 2020 | Ika-28 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon A

Ang Pagpapaunlak sa Paanyaya ng Diyos

Tayo ay nagdiriwang ng Ikadalawampu't Walong Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang ating mga pagbasa ay nakatuon sa paanyaya ng Diyos. Ang maanyayahan ng Panginoon ay isang dakilang karangalan. Kung ang paanyaya ng isang taong dakila, kilala, mayaman, at magiting ay hindi dapat tinatalikuran, paano pa kaya ang paanyaya ng Diyos? Ang hindi pagpapaunlak dito ay hindi lamang paglapastangan sa kadakilaan ng Maylikha ng sanlibutan. Ito rin ay pagtatapon ng pinakadakilang biyayang matatanggap ng tao. Ito ay ang biyayang kaligtasan at ang ligayang walang hanggang kalakip ng pagpasok sa Kaharian ng Diyos.

Sa panahong ito ng Covid-19 pandemic, *mayroon kayang paanyayang ibinibigay ang Diyos sa atin? Ito kaya ay ang paanyaya sa kabayanihan na ipinamamalas ng ating mga* frontliners*? Ito kaya ay ang paanyaya sa karunungan na ibinibigay ng Diyos sa mga namumuno sa atin? Ito kaya ay ang paanyaya sa pagmamahal para sa mga nakaririwasa at may maitutulong sa mga walang-wala na sa panahong ito? O ito naman kaya ay ang paanyaya sa kabanalan para sa lahat na taglay sa pagtalima sa kalooban ng Diyos at pagtanggap sa hamon ng hindi inaasahang salot na ito? Paunlakan sana nating lahat ang mahiwagang paanyaya ng Diyos.*

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapag iyong tinandaan lahat ng aming pagsuway, kami kaya ay tatagal? Kaya't ika'y mapagbigay at maawaing Maykapal.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng atingPanginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang nag-aanyaya sa ligaya ng Kanyang Kaharian, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B–* At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P– Tayo ay inaanyayahan ng Panginoon na makiisa sa kanya sa gawang kaligtasan para sa ikalalaganap ng Paghahari ng Diyos. Humingi tayo sa kanya ng tawad para sa maraming ulit na hindi natin siya pinaunlakan. *(Manahimik saglit.)*

P –Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong pagtawag sa aming maging iyong mga alagad para sa pagpapalaganap ng Magandang Balita ng kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B –* Panginoon, kaawaan mo kami!**

P –Para sa aming kawalan ng pag-asa sa ligayang iyong ibibigay sa mga nagpapaunlak sa iyong paanyayang dumalo sa dakilang pagdiriwang ng kaligtasan, Kristo, kaawaan mo kami!
***B –* Kristo, kaawaan mo kami!**

P –Para sa aming matabang na pag-ibig sa iyong naging dahilan ng aming pagtalikod sa iyong paanyaya at pagpili sa mga bagay na panandalian at lumilipas, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B –* Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay nawalang hanggan.
***B –* Amen!**

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal,

ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ang iyo nawang kagandahang-loob ay manguna at sumubaybay sa aming pamumuhay ngayon at araw-araw upang kami'y itaguyod sa paninindigang gumawa ng kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –**Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Isa 25:6-10***

Ang paanyaya ng Panginoon ay para sa lahat. Ang pagpapaunlak dito ay papawi sa gutom at kalungkutan, sa kamatayan at kahihiyan. Mapasaatin nawa ang mga biyayang ito sa pamamagitan ng ating pagtanggap sa paanyaya ng Diyos.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Sa Bundok ng Sion, aanyayahan ng Panginoon ang lahat ng bansa. Gagawa siya ng isang piging para sa lahat na ang handa'y masasarap na pagkain at inumin. Sa bundok ding ito'y papawiin niya ang kalungkutang naghahari sa lahat ng bansa. Lubusan na niyang papawiin ang kamatayan. Papahirin ng Panginoon ang luha ng lahat; aalisin niya sa kahihiyan ang kanyang bayan.

Kung magkagayon, sasabihin ng lahat: "Siya ang ating Diyos na ating pinagtitiwalaan, ang inaasahan nating magliligtas sa atin. Magalak tayo at ipagdiwang ang kanyang pagliligtas." lingatan ng Diyos ang bundok na ito.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 22***

B –Lagi akong mananahan sa bahay ng Poong mahal!

R. M. Velez





*** Panginoo'y aking Pastol, hindi ako magkukulang. Ako'y pinahihimlay sa mainam na pastulan, at inaakay niya ako sa tahimik na batisan, binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan.** ***B.***

*** At sang-ayon sa pangako na kaniyang binitiwan sa matuwid na landasi'y doon ako inaakay. Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan, hindi ako matatakot pagka't ika'y kaagapay; ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang.** ***B.***

*** Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang, ito'y iyong ginagawang nakikita ng kaaway; nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan at pati na ang kalis ko ay iyong pinaaapaw.** ***B.***

*** Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan, sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay; doon ako sa templo mo lalagi at mananahan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Fil 4:12-14.19-20***

Malaki ang naitulong ng mga taga-Filipos kay San Pablo. Sila ay kanyang pinapangakuang gagantimpalaan ng Diyos ng kayamanang hindi mauubos at ng katugunan sa lahat ng kanilang pangangailangan.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Naranasan ko ang maghikahos. Naranasan ko rin ang managana. Natutuhan ko nang harapin ang anumang katayuan: ang mabusog o magutom, ang kasaganaan o kasalatan. Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Kristo.

Gayunman, ikinagagalak ko ang ginawa ninyong pagtulong sa akin.

At buhat sa kayamanan ng Diyos na hindi mauubos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Purihin ang ating Diyos at Ama magpakailanman! Amen.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Ef 1:17-18***

B – **Aleluya! Aleluya!**
D'yos Ama ni Hesukristo, kami ay liwanagan mo at tutugon kami sa'yo.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mt 22:1-14***

Ang talinghaga hinggil sa paanyaya ng Diyos sa kasalan ng kanyang anak ay naglalarawan ng hindi pagpapaunlak ng mga Israelita dahil sa mababaw na dahilan. Kaya inanyayahan ng Panginoon ang lahat ng tao upang mapuno ang bulwagan ng kasalan. Ngunit ang lahat ng dadalo ay dapat handa at nagsikap na maging karapat-dapat.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, muling nagsalita si Hesus sa mga punong saserdote at matatanda ng bayan sa pamamagitan ng talinghaga. Sinabi niya: "Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: naghandog ng isang piging ang isang hari sa kasal ng kanyang anak na lalaki. Sinugo niya ang kanyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan ngunit ayaw nilang dumalo. Muli siyang nagsugo ng ibang mga alipin at kanyang pinagbilinan, 'Sabihin ninyo sa mga inanyayahan na naihanda ko na ang aking piging: napatay na ang aking mga baka at mga pinatabang guya, at handa na ang lahat ng bagay. Halina kayo sa piging!' Ngunit hindi ito pinansin ng mga inanyayahan. Humayo sila sa kani-kanilang lakad; ang isa'y sa kanyang bukid at sa kanyang pangangalakal naman ang isa. Sinunggaban naman ng iba ang mga alipin, hinamak at pinatay.

Galit na galit ang hari. Pinaparoon niya ang kanyang mga kawal, ipinapuksa ang mga mamamatay-taong iyon at ipinasunog ang kanilang lunsod. Sinabi niya sa kanyang mga alipin, 'Nakahanda na ang piging, ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. Kaya't pumunta kayo sa mga lansangang matao, at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Lumabas nga sa mga pangunahing lansangan ang mga alipin at isinama ang lahat ng natagpuan, masama't mabuti, anupa't napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.

Pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhin, at nakita niya roon ang isang taong hindi nakada-

mit-pangkasalan. 'Kaibigan, bakit ka pumasok dito nang hindi nakadamit-pangkasalan?' tanong niya. Hindi nakaimik ang tao. Kaya't sinabi ng hari sa mga katulong, 'Gapusin ninyo ang kanyang kamay at paa at itapon siya sa kadiliman sa labas. Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang ngipin.' Sapagkat marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang nahihirang."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulu klok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–** Hingin natin sa Diyos na maging handa tayo at karapat-dapat dumalo sa dakilang kasalan sa wakas ng panahon, sa pagdiriwang ng kaligtasang bigay ng Panginoon. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

B **– Amang nag-aanyaya sa amin, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang paunlakan nila ang paanyaya ng Diyos sa dakilang kasalan ng kaligtasan at maisama ang kanilang kawan sa pagdiriwang na ito sa Kaharian ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic,* upang mapaunlakan nila ang paanyaya ng Diyos sa dalisay at taos-pusong paglilingkod na magdadala sa kanila ng buhay at kaligtasan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 pandemic,* at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating bayan, upang dinggin nila ang paanyaya ng Panginoon sa kabayanihan at nang matamo nila ang ipinapangakong ligayang walang katapusan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating paunlakan ang paanyaya ng Diyos na kalimutan ang sarili at tahakin ang daan tungo sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na nananalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo matukso ng mga bagay na panandalian at lumilipas para talikdan ang paanyaya ng Diyos sa pagdiriwang ng kaligtasan at sa pagtatamo ng ligayang hindi kukupas kailanman, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating sariling mga kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–** Ama naming maluwag na nag-aanyaya sa kasalan ng Iyong Anak, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal upang makapaghanda kami nang lubos at magsikap na maging tunay na karapat-dapat para dumalo sa pagdiriwang ng aming kaligtasan sa bulwagan ng ligayang walang hanggan sa Iyong Kaharian, sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–** Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P **–** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasaliw sa aming paghahain upang sa ginaganap naming pagdiriwang kami'y makatawid sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo IV

P – Sumainyo ang Panginoon!

B **– At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

P **–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

B **– Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kahit mga mayayaman ay nagugutom din naman, ngunit pinapakinabang ng Panginoon ang tanang sa kanya'y naglalapitan.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, ngayong kami'y iyong pinapakinabang sa Katawa't Dugong banal iniluluhog namin sa dakila mong kabutihan sa tanan na kami'y gawin mong kasalo sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.
***B* –Salamat sa Diyos!**

Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang ***Unitatis redintegration*** *(Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa)* na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang una ay ang kakaibang lagay ng mga Simbahan sa Silangan, at ito ay may limang bilang. Ang ikalabimpitong bilang ay nagpapahayag ng tamang pananaw sa kaibahan ng pagpapahayag ng mga naibunyag na katotohanan sa Silangan at sa Kanluran. Ang mga pagkakaibang ito ay madalas nagtutulungan at hindi nagsasalungatan. Ang kaibahang ito ay bahagi ng kalikasan ng Simbahang Katoliko at apostoliko.

IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA

Unang Bahagi: ANG KAKAIBANG LAGAY NG MGA SIMBAHAN SA SILANGAN

"Sa nasabi na hinggil sa makatarungang pagkakaiba ay nakatutuwang isalin ang mga ito sa mga paraan ng pagpapahayag ng pananampalataya. Sa pag-aaral ng naibunyag na katotohanan, ang Silangan at ang Kanluran ay gumamit ng iba't ibang pamamaraan at pagharap sa pang-unawa at pagpapahayag ng mga maka-Diyos na bagay. Kung gayon ay hindi nakapagtatakang kung minsan ang isang kaugalian ay ay naging higit na malapit sa lubusang pagpapahalaga ng ilang bahagi ng hiwaga ng naibunyag na katotohanan at higit na magandang naipahayag ang mga ito. Sa mga pagkakataong ito, ang iba't ibang pagpapahayag ng mga katotohanang maka-Diyos ay madalas dapat tingnang nagtutulungan at hindi nagsasalungatan. Tungkol sa taal na mga kaugaliang maka-Diyos ng mga taga-Silangan, dapat nating kilalaning ang mga ito ay kamangha-manghang nakaugat sa Banal na Kasulatan at pinagyayaman at ipinahahayag sa pagsamba, dinidilig ng buhay na kaugalian ng mga Apostol at ng mga akda ng mga Ama at ng mga manunulat na pangkaluluwa sa Silangan; ang mga ito ay hindi lamang nakatuon sa tamang pamumuhay kundi sa lubusang pagninilay ng katotohanang Kristiyano."

"Itong banal na Konsilyo ay nagpapasalamat sa Diyos para sa maraming mga anak ng Simbahang Katolikong taga-Silangang iniingatan ang kaugaliang ito at ninanais naipahayag ito nang tapat at buo sa kanilang mga buhay, at nabubuhay na silang may lubusang pagkakaisa sa kanilang mga kapatid na sumusunod sa kaugalian ng Kanluran. Subalit ipinahahayag nitong ang buong yaman ng buhay-pangkaluluwa at pagsamba, ng pamumuhay at teolohiya, sa iba'tibang kaugalian, ay kasama sa lubos na kalikasan ng Simbahang Katoliko at apostoliko."

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • ***Telefax:*** 8894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** J. Feliciano • ***Circulation:*** R. Saldua